Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY POBLACION I NOONG IKA- 18 NG OKTUBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................................ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupilan | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 324-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG HALAGANG SIYAMNARAAN DALAWAMPU'T PITONG LIBONG PISO (P927,000.00) BILANG KARAGDAGANG BADYET NG PAMAHALAANG BAYAN SA TAONG ITO UPANG ILAAN SA PAGBILI NG MGA MAKINARYANG PANSAKAHAN.*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makapagpatibay ng halagang P927,000.00 bilang karagdagang badyet ng pamahalaang bayan sa taong ito upang ilaan sa pagbili ng mga makinaryang pansakahan para sa "food security program";

SAPAGKA'T, ang naturang halaga ay magmumula sa Internal Revenue Unprogrammed Fund;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupilan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang sumusunod na:

*KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 27-T'2000*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Ilaan ang halagang P927,000.00 mula sa Internal Revenue Unprogrammed Fund upang magamit sa pagbili ng mga makinaryang pang-agrikultura o pansakahan, ayon sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN: Na* pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 324-T'2000)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan